# MGA MADALAS ITANONG *para sa mga sambahayan*

**Q:** Kung kumuha ako ng serbisyo ng kasambahay na ipinadala sa akin ng isang ahensya, independiyenteng kontratista ba siya o empleyado ko? Sino ang may pananagutan sa manggagawa kapag kinukuha para magtrabaho sa pamamagitan ng ahensya?

**A:** Hindi karaniwang itinuturing ang mga kasambahay bilang independiyenteng kontratista (independent contractor), kahit na kinuha sila para magtrabaho mula sa isang ahensya. Ang pagkakaiba ng empleyado at independiyenteng kontratista ay walang kontrol ang empleyado sa trabaho at sa lugar ng trabaho, at sa halip ay sumusunod siya sa mga desisyon ng employer tungkol sa kung kailan at paano gagawin ang trabaho. Ang independiyenteng kontratista ay kinukuha para magtrabaho kapag kailangan, at may buong kontrol siya sa kaniyang trabaho at kapaligiran.

Upang matukoy nang mas mabuti kung ang kasambahay na kinuha mo ay itinuturing bilang empleyado o independiyenteng kontratista, subukang sagutan ang listahan ng mga tanong na ito:

- Pinipili ba ng kasambahay ang kaniyang sariling oras ng trabaho?
- Inaalok ba ng kasambahay ang mga serbisyo mula sa kaniyang sariling tahanan?
- Nagdadala ba ang kasambahay ng sariling supply para sa kaniyang trabaho sa iyong tahanan?
- Nag-aalok ba ang kasambahay na magtrabaho para sa pangkalahatang publiko?
- Kinokontrol ba ng kasambahay kung paano ginagawa ang trabaho?
- Kinokontrol ba ng ahensya kung anong trabaho ang ginagawa at kung paano ito ginagawa?

Kung sumagot ka ng OO sa ilan sa mga tanong na ito, maaaring kumukuha ka ng independiyenteng kontratista. Matuto pa. Kung hindi, may responsibilidad ka para itaguyod ang mga karapatan ng manggagawa.

**Q: Kung direkta akong kumuha ng kasambahay na nagmamay-ari ng kaniyang sariling negosyo, sino ang may responsibilidad sa manggagawa?**

A: Naaangkop ang parehong pagsusuri para sa independiyenteng kontratista mula sa tanong na makikita sa itaas. Ang pagkakaiba ng empleyado at independiyenteng kontratista ay walang kontrol ang empleyado sa trabaho at sa lugar ng trabaho, at sa halip ay sumusunod siya sa mga desisyon ng employer tungkol sa kung kailan at paano gagawin ang trabaho. Ang independiyenteng kontratista ay kinukuha para magtrabaho kapag kailangan, at may buong kontrol siya sa kaniyang trabaho at kapaligiran.

**Q: Paano ako makakatulong na ipagpatuloy ng kasambahay ang pagbibigay ng mga serbisyo sa aking tahanan habang pinapanatiling ligtas ang aking pamilya sa panahon ng COVID19?**

A: Dapat kang magbigay ng mga pantakip sa mukha sa iyong kasambahay at tiyakin na lahat ng indibidwal sa iyong sambahayan ay may suot din na pantakip sa mukha kapag hindi mapanatili ang 6 na talampakang layo sa isa't isa. Inaatas ng Executive Order 2020-32 sa sinumang tao na 2 taong gulang pataas na magsuot ng pantakip sa mukha kapag nasa isang pampublikong lugar at hindi kayang magpanatili ng 6 na talampakang layo mula sa ibang tao. Kailangan din ang mga pantakip sa mukha sa mga panloob na pampublikong espasyo, tulad ng grocery o botika. Maaaring may mga pagbubukod para sa mga taong may mga medikal na kondisyon o mga kapansanan na humahadlang sa kanila mula sa ligtas na pagsusuot ng pantakip sa mukha.

**Q: Mayroon akong live-in na caregiver (tagapagbigay ng pangangalaga) na nakatira kasama namin nang full-time. Kailangan ko bang magbigay ng minimum wage at overtime?**

**A:** Oo. Sa ilalim ng Minimum Wage (Pinakamababang Pasahod) sa Chicago, dapat kang magbayad ng minimum wage at overtime.

**Q: Paano ako wastong magbabayad ng mga buwis at magfa-file para sa mga kontribusyon sa insurance sa kawalan ng trabaho at kabayaran sa manggagawa?**

A: **Tingnan ang** https://www2.illinois.gov/ides/Pages/household_worker_taxes.aspx

Ang sinumang nagbabayad sa isang nanny, kasambahay, home health aide (katulong para sa kalusugan sa tahanan), o iba pang empleyado ng sambahayan para magtrabaho sa kanilang tahanan ay isang employer sa sambahayan (household employer). Maaaring mag-file ang mga employer sa sambahayan ng kanilang mga kontribusyon para sa insurance sa kawalan ng trabaho (unemployment insurance) bawat taon sa IDES. Ang bagong "Return for Household Employers – Unemployment Contributions" (Pagbabalik para sa Mga Employer sa Sambahayan - Mga Kontribusyon para sa Kawalan ng Trabaho, UI-HA) (tingnan sa ibaba) ay ipapadala sa mga kasalukuyang taunang nagfa-file na sambahayan. Hindi dapat gamitin ang form na ito para sa mga kabayaran sa Department of Revenue (Departamento ng Buwis) ng Illinois.

**Mga hakbang para magbayad:**

Kung kwalipikado ka bilang employer sa sambahayan at nais mong bayaran ang iyong mga buwis isang beses kada taon, sundin ang mga hakbang na ito:

1. Magrehistro bilang employer sa sambahayan sa pamamagitan ng pagkumpleto ng form na UI-1 DOM sa IDES
2. Iulat ang sinumang bagong kuhang empleyado sa loob ng 20 araw mula sa petsa ng pagtanggap sa trabaho
3. I-file ang form na UI-HA 2016 Report for Household Employers (Ulat para sa Mga Employer sa Sambahayan 2016) bago sumapit ang Abril 17, 2017.

**Withholding State Income Tax (Buwis sa Kita na Wini-withhold ng Estado):**

- Sa Illinois, sa pangkaraniwan ay dapat mong i-withhold ang buwis sa kita sa Illinois para sa iyong kasambahay kapag wini-withhold mo ang pederal na buwis sa kita o kapag pumasok ka sa isang boluntaryong kasunduan para mag-withhold kasama ng manggagawa. Upang mag-file nang wasto, hinihikayat ka naming tingnan ang mga kinakailangan sa Illinois para sa pag-withhold ng buwis para sa mga empleyado sa sambahayan.
- Ang mga form na W-2 na nag-uulat ng kita at pag-withhold para sa mga empleyado sa sambahayan na iniulat sa Form IL-1040 ay hindi sakop sa atas ng elektronikong pag-file. Gayunpaman, kung iniulat mo ang kita ng empleyado ng sambahayan at pag-withhold sa Form IL-941, sakop ka ng atas sa elektoronikong pag-file. Tingnan ang Publication 121 para sa karagdagang impormasyon.
- Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa buwis at mga tungkulin sa pag-ulat mula sa Department of Revenue ng Illinois, tingnan ang: https://www2.illinois.gov/rev/questionsandanswers/Pages/934.aspx